Pampublikong Tulong para sa mga Legal na Permanenteng Residente

"Ako ay isang legal na permanenteng residente - anu-anong benepisyo ang maaari kong matanggap?"
==========

Kung ikaw ay isang legal na permanenteng residente na pumasok sa US bago petsa 8/22/96, kwalipikado kang makatanggap ng mga sumusunod na benepisyo:

Pera
- Panandaliang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Aid for Needy Families)
- Karagdagang Kitang Pangseguridad (Supplemental Security Income)
    - kung ikaw ay tumatanggap ng SSI o kaya'y may aplikasyon nang naka-file at naghihintay ng resulta noong 8/22/96;
    - kung ikaw ay legal na naninirahan sa US noong 8/22/96 at pagkalipas ay nabulag o nagkaroon ng kapansanan
    - kung ikaw ay may kreditong 40 oras ng trabaho
- Tulong ng Estado ng Illinois para sa mga Matatanda, Bulag o may Kapansanan (Illinois Aid to the Aged, Blind or Disabled)
    - kung ikaw ay 65 taong gulang lamang o higit pa at walang kapansanan ayon sa SSA
- Tulong para sa iyong Pagbabagong-kalagayan sa Illinois (Illinois Transitional Assistance)
- Benepisyong sosyal na panglipunan para sa mga retirado

Medikal
- Medicaid
- Kidcare

Pagkain
- Food Stamps, kung
    - ikaw ay 5 taon nang legal na permanenteng residente, o
    - ikaw ay hindi hihigit sa 17 taong gulang (under 18)
    - tumatanggap ka na ng tulong dahil sa iyong kapansanan o disability
    - ikaw ay 65 taong gulang o higit pa at legal na naninirahan sa US mula noong 8/22/96
- Karagdagang Pagkain para sa mga Kababaihan, Sanggol at mga Bata (Supplemental Food Program for Women, Infants and Children) (WIC)
- Tanghalian at Agahan sa Paaralan (School Lunch and Breakfast)

Edukasyon
- K-12 na edukasyon
- Title IV Federal Student Grants and Loans (Mga pautang na pang-estudyante at pabuyang Cash para sa pag-aaral
- Panimulang Pag-aaral

==========

Kung ikaw ay isang legal na permanenteng residente na pumasok sa US PAGKATAPOS NG 8/22/96, kwalipikado kang makatanggap ng mga sumusunod na benepisyo:

Pera
- Panandaliang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Aid for Needy Families)
- kinakailangang ikaw ay isa nang Kwalipikadong Imigrante nang 5 taon.*
- Karagdagang Kitang Pangseguridad (Supplemental Security Income)
    - kung mayroon kang 40 kapat (quarters) ng pagtatrabaho at kung ikaw ay isang Kwalipikadong Imigrante nang 5 taon.*
- Tulong ng Estado ng Illinois para sa mga Matatanda, Bulag o may Kapansanan (Illinois Aid to the Aged, Blind or Disabled)
    - kung ikaw ay tumatanggap ng SSI
- Tulong para sa iyong Pagbabagong-kalagayan sa Illinois (Illinois Transitional Assistance)
    - kung ikaw ay isang Kwalipikadong Imigrante nang 5 taon.*
- Benepisyong sosyal na panglipunan (social security benefits)

Medikal
- Medicaid - kung ikaw ay isang Kwalipikadong Imigrante nang 5 taon.*
- Kidcare

Pagkain
- Food Stamps, kung
    - ikaw ay isang Kwalipikadong Imigrante nang 5 taon.*
    - ikaw ay hindi hihigit sa 17 taong gulang (under 18), maski kailan pa ang petsa ng pagpasok sa US.
    - ikaw ay tumatanggap ng tulong para sa iyong kapansanan.
- Karagdagang Pagkain para sa mga Kababaihan, Sanggol at mga Bata (Supplemental Food Program for Women, Infants and Children) (WIC)
- Tanghalian at Agahan sa Paaralan (School Lunch and Breakfast)

Edukasyon
- K-12 na edukasyon
- Title IV Federal Student Grants and Loans
- Panimulang Pag-aaral

*Ikaw ay isang Kwalipikadong Imigrante sa estado ng Illinois kung ikaw ay isang legal na permanenteng residente; refugee, asylee, Amerasian, Haitian/Cuban entrant, biktima ng trafficking, Hmong/Highland Laotian, miyembro ng ilang bansang Native American, o di kaya'y granted withholding of removal/deportation; ginulping asawa o bata sa ilang kalagayan, kondisyunang paglaya (parole) nang isang taon, o binigyang kondisyunang pagpasok bago ang 4/1/80.

==========

Ang pagtanggap ko ba ng pampublikong benepisyo ay makakaapekto sa aking aplikasyon para sa pagkamamayan (Citizenship)?

Hindi - ang batas pang-imigrasyon ay hindi tumatanggi sa pagkamamayan sa mga legal na imigrante na tumatanggap ng mga pampublikong benepisyo kung saan sila ay karapat-dapat.

Ang pagtanggap ng pampublikong benepisyo ay nakakaapekto lamang sa iyong aplikasyon para sa pagkamamayan KUNG:

- Nagsinungaling ka tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat (eligibility) para makatanggap ng benepisyo (tulad ng hindi pagrereport ng iyong kabuuang sahod, magsinungaling tungkol sa laki ng iyong pamilya, o pagsisinungaling tungkol sa estado ng iyong imigrasyon), o di kaya'y
- Kapag naga-apply para sa legal na paninirahan, nagsinungaling ka tungkol sa kapansanan o ano mang balakid sa iyong "economic independence" kung saan naging dahilan ito upang dumepende ka sa mga programang nagbibigay ng perang tulong, tulad ng Panandaliang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Aid for Needy Families), Karagdagang Kitang Pangseguridad (Supplemental Security Income), o Medicaid para sa pangmatagalang pangangalaga sa tahanan. Maaari din nitong ilagay sa panganib ang iyong legal na estado.

Kung ikaw ay karapat-dapat, pwede kang mag-apply para makatanggap ng Medicaid, Kidcare, SSI, TANF, Food Stamps, AABD at iba pang federal, mula sa estado, o lokal na pampublikong benepisyo, nang hindi inaalala ang estado ng iyong aplikasyon para sa pagkamamayan.

==========

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Illinois Coalition for Immigrant and Refugee Rights sa numerong (312) 332-7360, fax (312) 332-7044, at email: info@icirr.org. O sa Alliance of Filipinos for Immigrant Rights and Empowerment (773-580-1025) o afire@afirechicago.org